
# Aralin 3 PUNO . . . BUNGA AY KAYAMANAN



Ano-ano ang nakikita ninyo sa larawan na bunga ng mga halaman? Ano ang maidudulot nito sa pag-angat ng ating kabuhayan?

## Pag-isipan Natin

Ikwento ang ipinakikita ng mga larawan.





## Basahin Natin

Sa bukid nakatira ang mag-anak ni Mang Juan. Hinahangaan sila dahil sa kanilang kasipagan. Iba't ibang uri ang kanilang halaman. May mangga, niyog, saging, kalamansi, papaya at kaymito. Bawat anak ay may inaalagaang halaman. Dahil sa pag-aalaga nila ng kanilang halaman, namunga lahat ito. Isang araw, pinitas nila ang mga bunga nito. Dinala sa palengke. Magaganda ang mga prutas kaya nabili lahat. Masayang umuwi ang mag-anak. Sa ngayon ay napapag-aral ni Mang Juan ang kaniyang mga anak. Napaayos din niya ang kanilang bahay. Umangat ang kalagayan nila sa buhay.

1. Anong uri ng mag-anak sina Mang Juan?
2. Ano-ano ang kanilang pananim? Paano nila inaalagaan ito?
3. Paano nakatulong sa kanilang buhay ang mga prutas na ibinenta nila?
4. Kung kayo si Mang Juan, gagayahin ba ninyo ang ginawa niya? Bakit?

 **Subukin Natin**


Piliin sa panaklong ang salitang bubuo sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. 

Ingatan ang ___ ng prutas. (pamimitas, pitasin)

2. 

Ipagbili sa tamang ___ ang inaning prutas. (pera, halaga)

3. 

___ ang paghahanda ng prutas na ibebenta.
(Dali-dalian, Ingatan)

4. 

Pitasin ang prutas sa tamang ______.
(lugar, halaga, panahon)

5. 

Gumanda ang buhay ni Mang Juan dahil sa pagbebenta ng ____.
(puno, prutas, dahon)



## Alamin Natin

A. Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung ang pahayag ay nagsasaad ng benepisyo buhat sa mga puno at ekis (✗) kung hindi.

_______ 1. Nagbibigay ng sariwang hangin ang mga puno,

_______ 2. Ang prutas ay nagbibigay ng sustansya sa ating katawan.

_______ 3. Nagdaragdag ng lason sa lupa ang kemikal na pataba.

_______ 4. Nagdudulot ng pagbaha ang pamumutol ng kahoy.

_______ 5. Nagbibigay ng dagdag na kita ang bungang kahoy.



# Tandaan Natin

Kung hangin ang iyong
kailangan,
sa mga puno
iyong makakamtam.

Kung yaman ang iyong hanap,
sa bunga ng mga puno ikaw
ay uunlad.



## Kwentahin Natin

Bilugan ang tamang sagot.

1. Si Ana ay bumili ng 2 kilong mangga sa halagang Php 40.00 at 1 kilo ng santol sa halagang Php 15.00. Magkano ang kanyang binayaran?

   a. Php 55.00 b. Php 50.00 c. Php 65.00

2. Kumita si Pedro ng Php 100.00 sa kanyang pananim. Inihulog niya sa alkansya ang Php 50.00. Magkano ang natira?

   a. Php 40.00 b. Php 50.00 c. Php 60.00

3. Si Michael ay inutusan ng kanyang amo na magbenta ng 5 kilo mangga - Php 100.00, 5 kilo saging - Php 75.00.

   Magkano ang napagbilhan niya?

   a. Php 25.00
   b. Php 125.00
   c. Php 175.00

## Alamin natin ang iyong natutuhan

Basahin at isulat ang tamang sagot sa patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

1. Bubunga nang marami ang punong ________________.
2. Sariwang ________________ mula sa mga ________________.
3. Nagbibigay ang puno ng masasarap at masusustansiyang ________________
4. Malaki-laki ring ________________ ang nakukuha sa pinagbilhan ng prutas.
5. Ang ________________ ng puno ay kayamanan.

| | | |
|---|---|---|
| bunga | pagkain | inaalagaan |
| pera | pagbebenta | hangin |
| dahon | puno | |

# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

**Subukin Natin** *pahina 7*

1. 1
2. 2
3. 3
4. 4

**Kwentahin Natin** *pahina 13*

A. 1. 1
   2. 3
   3. 2
   4. 4

**Alamin Natin** *pahina 10*

<u>Hanay A</u>


nagdadamo

nagbubungkal

nagsusukat

nagtatanim

<u>Hanay B</u>



**Alamin natin ang iyong natutuhan?** *pahina 14-15*

A.
1. nagtatanim
2. nagbubungkal
3. nagdadamo
4. nagsusukat

B.
1. 5
2. 6
3. 3
4. 4
5. 8

## Aralin 2

**Sagutin Natin** *pahina 21*

A. Pababa
1. bungkalim
2. pataba

B. Pahalang
1. diligan

**Kwentahin Natin** *pahina 24*

1. Php 50.00
2. Php 85.00
3. Php 60.00
4. Php 24.00
5. 37

# Aralin 3

**Subukin Natin** *pahina 31*

1. pamimitas
2. halaga
3. ingatan
4. panahon
5. prutas

**Alamin Natin** *pahina 33*

1. ✓ 2. ✓ 3. ✗ 4. ✓ 5. ✓

**Kwentahin Natin** *pahina 35*

1. Php 95.00
2. Php 50.00
3. Php 175.00

**Alamin natin ang inyong natutuhan** *pahina 37*


1. inaalagaan
2. hangin, dahon
3. pagkain
4. pera
5. bunga

## Post Test

A. Sabihin kung tama o mali ang ipinahahayag ng mga pangungusap:
   1. Pumili ng binhi para itanim
   2. Ang paligid ay linisin bago taniman

3. Kailangan lagyan ng pataba ang mga halaman araw-araw
4. Bubunga ng marami ang punong inaalagaan

B. Isulat ang ginagawa ng bawat larawan.



__________

5



__________

6



__________


7




__________

8

C. Isulat ang bilang.

9.  = ______________

10.  = ______________

11. 

= ______________

12. 

= ______________

13. 

=  ____________

14.  +  =  ____________

15.  +  =  ____________

## Susi sa Pagwawasto

### Post Test

A. 1. tama
   2. tama
   3. mali
   4. tama

B. 5. nagdidilig
   6. naglilinis
   7. pumipitas
   8. nagtatanim

C. 9. 6
   10. 10
   11. Php 100.00
   12. Php 50.00